

## PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

# Bakuna sa RSV (Respiratory Syncytial Virus): Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

## 1. Bakit magpabakuna?

Ang bakuna sa RSV ay maaaring makapigil ng sakit sa ibabang daluyan ng hangin na dulot ng **respiratory syncytial virus (RSV)**. Ang RSV ay isang karaniwang respiratory virus na kadalasang nagdudulot ng banayad at mala-sipon mga sintomas.

Ang RSV ay maaaring magdulot ng sakit sa mga tao sa lahat ng edad ngunit maaaring maging malubha lalo na para sa mga sanggol at matatanda.

- Ang mga sanggol na hanggang 12 buwan ang edad (lalo na ang mga 6 na buwan at mas bata pa (at mga kabataan na isilang nang walang pa sa panahon, o may pabalik-balik na sakit sa baga o puso o huminang immune system ay nasa mataas na panganib ng malubhang sakit na RSV.
- Kabilang sa mga nasa hustong gulang na nasa pinakamataas ang panganib sa sakit na RSV ang mga mas matanda na nasa hustong gulang, mga nasa hustong gulang na may pabalik-balik na medikal na kondisyon tulad ng sakit sa puso o baga, huminang immune system, o partikular na iba pang naunang mga medikal na kondisyon, o mga nakatira sa mga ntahanan sa pangangalaga o mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga.

Ang RSV ay kumakalat sa pamamagitan ng direktang pagkontak sa virus, tulad ng mga patak mula sa ubo o pagbahin ng ibang tao na tumatama sa iyong mga mata, ilong, o bibig. Maaari din itong kumalat sa pamamagitan ng paghawak sa isang ibabaw na may virus, tulad ng doorknob, at pagkatapos ay hawakan ang iyong mukha bago maghugas ng iyong mga kamay.

Maaaring kabilang sa mga sintomas ng RSV na impeksyon ang tumutulong sipon, pagbawas ng gana sa pagkain, pag-ubo, pagbahin, lagnat, o paghingang na mala-humuhuni. Sa napakabatang mga sanggol, maaaring kabilang din sa mga sintomas ng RSV ang pagkairitable (maligalig), hindi na gaanong kumikilos, o apnea (pansamantalang paghinto ng paghinga sa loob nang higit sa 10 segundo).

Karamihan sa mga tao ay gumagaling sa loob ng isa o dalawang linggo, ngunit ang RSV ay maaaring malubha na

nagreresulta sa pangangapos ng hininga at mga mababang antas ng oxygen. Ang RSV ay maaaring magdulot ng bronchiolitis (implamasyon sa maliliit na daanan ng hangin sa baga) at pulmonya (impeksyon baga). Minsan, ang RSV ay maaari ding humantong sa paglala ng iba mga medikal na kondisyon tulad ng hika, chronic obstructive pulmonary disease (isang pabalik-balik na sakit sa baga na nagpapahirap sa paghinga), o congestive heart failure (kapag ang puso ay hindi makapagbomba ng sapat na dugo at oxygen sa buong katawan).

Maaaring kailanganing maospital ang mga matatanda at mga sanggol na malubhang nagkakasakit mula sa RSV. Ang ilan ay maaaring mamatay pa.

## 2. Bakuna sa RSV

Inirerekomenda ng CDC na **ang mga nasa hustong gulang na 60 taong gulang at mas matanda** ay may opsyon na maaaring makatanggap ng isang dosis ng bakuna sa RSV, batay sa mga talakayan sa pagitan ng pasyente at tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

May dalawang opsyon para sa proteksyon ng mga sanggol laban sa RSV: bakuna ng ina para sa mga buntis na babae at preventive antibodies na ibibigay sa sanggol. Isa lang sa mga opsyon na ito ang kailangan para sa karamihan ng mga sanggol upang maging protektado. Inirerekomenda ng CDC ang iisang dosis ng bakuna sa RSV para sa **mga buntis na babae mula sa linggo 32 hanggang linggo 36 ng pagbubuntis** para sa pag-iwas ng sakit na RSV sa mga sanggol na wala pang 6 na buwan ang edad. Ang bakunang ito ay inirerekomenda na ibigay mula Setyembre hanggang Enero para sa karamihan sa Estados Unidos. Gayunpaman, sa ilang lokasyon (sa mga teritoryo, Hawaii, Alaska, at mga parte ng Florida), maaaring mag-iba-iba ang panahon ng pagbakuna dahil ang pag-ikot ng RSV sa mga lokasyon na ito ay naiiba mula sa panahon ng RSV season sa iba pang bahagi ng U.S.

Ang bakuna sa RSV ay maaaring ibigay kasabay ng iba pang mga bakuna.



**U.S. Department of Health and Human Services**  
Centers for Disease Control and Prevention

---

### 3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

---

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Nagkaroon na ng **allergic na reaksiyon pagkatapos ng isang nakaraang dosis ng bakuna sa RSV**, o nagkaroon ng anumang **mga allergy na malubha, nagbabanta sa buhay**

Sa ilang mga kaso, ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magpasya na ipagpaliban ang RSV na pagbabakuna hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

Maaaring mabakunahan ang mga taong may sakit na hindi malubha, tulad ng isang sipon. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sila ay gumaling bago mabakunahan ng RSV na bakuna.

Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

---

### 4. Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

---

- Pananakit, pamumula, at pamamaga kung saan ibinigay ang iniksiyon, matinding pagod (pakiramdam na pagod), lagnat, pananakit ng ulo, pagduduwal, pagtatae, at pananakit ng kalamnan o kasukasuan ay maaaring mangyari pagkatapos ng pagbabakuna sa RSV.

Ang mga malubhang kondisyong neurologic, kabilang ang Guillain-Barré syndrome (GBS) ay naiulat pagkatapos ng pagbabakuna sa RSV sa mga klinikal na pagsubok ng matatanda. Hindi malinaw kung ang bakuna ang nagdulot ng mga pangyayaring ito.

Ang wala pa sa panahon na panganganak at mataas na presyon ng dugo sa pagbubuntis, kabilang ang pre-eclampsia, ay naiulat sa mga buntis na na tao na nakatanggap ng bakuna sa RSV sa panahon ng mga klinikal na pagsubok. Hindi malinaw kung ang mga pangyayaring ito ay dulot ng bakuna.

Kung minsan, ang mga tao ay hinihimatay matapos ang mga medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo kung nahihilo ka o may mga pagbabago sa paningin o pag-ugong sa mga tainga.

Tulad ng anumang gamot, mayroong isang napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay nagdulot ng isang matinding allergic na reaksiyon, ibang seryosong pinsala sa katawan, o pagkamatay.

---

### 5. Paano kung may isang malubhang problema?

---

Ang isang allergic na reaksiyon ay maaaring mangyari pagkatapos umalis sa klinika ang taong nabakunahan. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng isang matinding allergic na reaksiyon (hives, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, isang mabilis na pagtibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang mga palatandaan na nagpapa-alala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Karaniwang isusumite ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov) o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksiyon, at ang mga miyembro ng kawani ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.*

---

### 6. Paano ako matuto nang higit pa?

---

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bumisita sa website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga kalakip sa pakete ng bakuna at karagdagang impormasyon sa [www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines](http://www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines)
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Bumisita sa website ng CDC sa [www.cdc.gov/vaccines](http://www.cdc.gov/vaccines).

Tagalog translation provided by Immunize.org

